# Maikling Kasaysayan

# ng

# L O O C

## Occidental Mindoro

Mula sa Maikling Kasaysayan ng Occidental Mindoro

ni **R. A. C.**

**Occidental Mindoro Historical Society**

## I - Panahon ng Pananakop ng mga Kastila

Ang pangalan ng lugar ay nagmula sa look nitong ginagawang daungan ng mga sasakyang dagat at kublihan ng mga barko, lalo na kapag may bagyo o masama ang panahon.

Mula sa mga nahukay na banga at iba pang kagamitan ng mga Intsik sa dalawang isla ng Ambil at Golo na sakop ng baying ito, masasabi nating ang mga taong unanang nanirahan sa pook na ito ay nakipagpalitan na ng mga kalakal sa mga negosyanteng singkit, bago pa man dumating ang mga Kastila sa Pilipinas.

Noong 1760, nabanggit ang Ambil sa isang lumang dokumento ng mga Kasila. Nakasaad doon na ang pamayanang ito ay ginawang pansamantalang himpilan ng mga pirating Moro. Ang pananalakay ng mga pirating ito sa iba pang pamayanan ng Isla ng Lubang ang naging dahilan ng pagpapatayo ng isang matibay ng kuta ng mga taong unang nanirahan sa pook na kinatatayuan sa kasalukuyan ng Brgy. Maligaya, Lubang.

Bagamat maraming pamayanan ang nawalan ng mamamayan sanhi ng pananalakay ng pirating Moro, ang pangyayaring ito naman ang naging dahilan ng pagkakaroon ng tao sa Brgy. Bulacan, Looc. Nakasaad sa kasaysayang isinular ng isang guro noong 1950 na ang mga taong nanirahan sa sitio Kay Batico ng nasabing barangay ay ang mga pamilyang tumakas sa Mamburao dahilan sa sinakop ng pangkat ng mga pirata ang huling lugar na nabanggit. Inilarawan din sa nasabing kasaysayan kung paanong ang ilang taong nabihag ng mga pirata ay itinali sa poste at ibinilad sa init ng araw sa lugar na tinawag nilang Presuhan.

Muling nabanggit ang Isla ng Ambil noong 1819 sa lumang dokumento ng mga Kasila. Nakasaad doon na isang Ingles na naglalakbay sa iba't-ibang dako ng bansa ang nagsabing may natuklasang deposito ng tanso sa islang ito.

Ayon sa salaysay ng mga taga-Brgy. Burol, ang kanilang mga ninuno ay mga magsasakang Ilokano na naghanap ng lupang mabubungkal sa pook na ito noong 1850. Pinangunahan ang mga ito ng Pamilyang Pascual at Pranada.

Nabanggit din sa kasaysayan ng Brgy. Burol na may mga gurong nagmalasakit na magturong sumulat, bumasa at magkuwenta sa mga kabataan sa iba't-ibang pamayanan ng Looc. Habang hindi pa nagbubukas ng paaralang primarya ang pamahalaan, tinuruan ng mga guro ng cartilla at matematika ang mga kabataan.

Dalawa sa mga gurong nabanggit sa kasaysayan ng mga barangay ng bayang ito ay sina G. Wenceslao Fajardo ng Talaotao, Cornelio Maninang ng Bulacan at Estanislao Pascual ng Burol.

Bukod sa mga Ilokano, may mga pamilyang nagmula sa Batangas na lumipat sa Looc noong panahon ng pananakop ng mga Kastila. Isa rito ang pamilya ni G. Vincente Abeleda na siyang nakabili sa malawak na kapatagang kinaroroonan ng Brgy. Talaotao, isa sa mga pamayanang matatagpuan sa maliit na Isla ng Golo na sakop ng bayan ng Looc sa kasalukuyan . Naging capitan de pueblo ng Talaotao si G. Abeleda. Gayunpaman, dalawampung taon bago naganap ang paghihimagsik ng mga Pilipino laban sa mga Kastila, ang nasabing pinuno at ang kanyang pamilya ay lumipat sa Paluan na noon ay isa lamang magubat na kapatagan sa dulong hilaga ng malaking Isla ng Mindoro.

Noong 1882, nagkaroon ng epidemya ng kolera sa pamayanan ng Lubang. Sa takot na baka mahawa ang kanyang mga kababayan, hindi pinayagan ni Gobernadorcillo Agustin Liboro si Padre Tomas Roldan, ang paring nakadestino sa Lubang, na pumasok sa Looc.

Noong 1890, si Heneal Emilio Aguinaldo ay isa pa lamang batang negosyanteng nakikipagpalitan ng mga kalakal sa mamamayan ng iba't-ibang bayan ng Mindoro. Sa kanyang pagbibiyahe sa Isla ng Golo, naging kaibigan niya si G. Justino Zubiri o Kabesang Tinong ng Brgy. Bulacan. Sa bahay ng naturang kabesa siya tumutuloy kapang hindi kaagad nakakaalis sa isla.

Sa kanyang talaarawan, nabanggit ng heneral na naging kaibigan din niya si Kikong Kastila, ang may-ari ng pulo ng Ambil. Ayon sa matatandang mamamayan ng Looc, ang tunay na pangalan ng kaibigang ito ng heneral ay Francisco Muñez.

Noong 1896, noong naghimagsik ang mga Pilipino laban sa mga Kastila, naging miyembro ng Katipunan, Aguinaldo faction, si Kabesang Tinong. Isa sa kanyang kababayan, si G. Pedro dela Fuente o Kabesang Pendong, ang naging miyemro ng Katipunan, Bonifacio faction.

Ang ilan pang miyembro ng Katipunan sa Looc sa ilalim ng pamumuno ni Heneral Emilio Aguinaldo ay sina G. Ramon Trajero, Januario Aguilar, Anacleto Basco at Isidro Magat. Samantala, isang matapang na lider ng Balikyas, si G. Emilio Cajayon, ang nagtatag ng isang grupo ng mga rebolusyonaryo sa kanyang lugar. Tinawag siyang Heneral Barog ng kanyang mga tauhan.

Sa tulong ng pangkat ni G. Esteban Quijano ng Lubang, nabihag nila ang pari at mga sundalong Kastila sa nasabing bayan noong 1898.

Nang taon ding iyon, nang iproklama ni Heneral Emilio Aguinaldo ang kalayaan ng Pilipinas, sina G. Emiliano Cajayon at Esteban Quijano ang namuno sa pangkat na namahala sa buong Isla ng Lubang.

## II – Panahon ng Pananakop ng mga Amerikano

Nang sakupin ng mga Amerikano ang Islan ng Lubang noong 1900, isang pangkat ng mga sundalong dayuhan sa pamumuno ni Capitan Samuel ang umokupa sa Looc. Nang panahon ding iyon, itinatag ng pinuno ng pamayanang ito, si Capitan Lino Liboro, ang Colegio Filipino de Looc. Kumuha siya ng mga guro sa Maynila. Dalawa sa mga kilalang taong nagtapos sa elementarya sa paaralang ito ay sina G.Cipriano Libroro at Mateo Virola na naging gobernador ng buong Isla ng Mindoro at lalawigan ng Occidental Mindoro,ayon sa pagkakasunod-sunod.

Noong 1902,binuksan ang unang paaralang pampubliko sa Looc.Dalawa sa mga gurong natatandaan ng mga mamamayan na nagturo sa paaralang ito ay ang Amerikanong si Mr. Agustin Craig at isang kilala lamang sa pangalang Maestrong Carlos.

Nang likhaing isang bayan ang Lubang, sa bias ng Act 1280 ng Philippine Commission ng 1905, ang Looc ay isa sa mga naging baryo nito.

Sa unang bahagi ng panahon ng pananakop ng mga Amerikano sa Pilipinas, hinikayat nila ang mga taong gawing homestead ang mga bakanteng lupain. Bunga nito,maraming pamilya ang nahikayat na okupahan ang mga tiwangwang na lupain sa Looc.

Sa panahong ding ito dumating sa Looc ang mga paring Aglipay na sina Padre Alejandro Albano at Victorio Limano. Dahilan sa walang paring Katolikoong nakadestino sa bayang ito, maraming mamamayan ang nahikayat na sumapi sa pananampalatayang pinamumunuan ni Obispo Maximo Gregorio Aglipay.

Bukod sa pagsasaka, pangingisda at paghabi ng sinamay, ang paggawa ng batel ang naging hanapbuhay ng maraming pamilya sa Looc. Nakilala ang bayang ito hindi lamang sa Mindoro kundi sa iba pang dako ng Pilipinas bilang lugar na kung saan ginagawa ang matibay at mabibilis na sasakyang pandagat.

Nang magbukas ng paaralang elementarya sa Looc, una nilang inilagay ito sa Agkawayan, ang pinakaunlad na baryo nang panahong iyon. Sa paglipas ng mga taon, ang malalaking pamayanan sa bayang ito ay nagkaroon ng mababang paaralan.

Noong 1916, ang Looc ay inihiwalay sa Lubang at ginawang isang bayan. Isinailalim sa pamamahala nito ang mga baryo ng Talaotao, Bulaccan, Ambil, Burol, Balikyas at Agkawayan.

Si G. Calixto Liboro ang itinalagang kaunaunahang municipal president ng pamahalaang amerikano. Pansamantala, inilagay niya ang luklukan ng pamahalaang bayan sa Agkawayan.

Noong 1922, sa panahon ng panunungkulan ni G. Macario Adriatico bilang kinatawan ng Mindoro sa kongreso, sinikap niyang makapagpatayo ng matibay na gusali noong 1930 sa panahon ng panunungkulan ni G. Raul Leuterio at G. Cipriano Liboro bilang kinatawan at gobernador ng Mindoro, ayon sa pagkakasunod-sunod.

Nang si G. Juan Calabio ang itinalagang municipal president ng Looc, ang sentro ng pamahalaang bayan ay inalis sa Agkawayan at inilipat sa lugar na kinalalagyan nito sa kasalukuyan.

Dahilan sa maalon ang karagatang nakapagitan sa isla ng golo at pamayanan ng Calavite sa malaking isla ng Mindoro at mapanganib sa mga barko at bangka ang maglakbay sa bahaging ito kung gabi, isang parola ang ipinatayo ng pamahalaang Amerikano sa dulo ng unang islang nabanggit.

Hangang sa kasalukuyan, patuloy paring nagiging gabay ng mga sasakyang pandagat ang nasabing parola.

Bukod sa mga nabanggit na, ang iba pang naging municipal president ng Looc noong panahon ng pananakop ng mga Amerikano ay sina G. Mario Villa, Diosdado Liboro, Nicolas Villar, Luis Vega at Pedro Alfaro.

## III – Panahon ng Pananakop ng mga Hapones

Nang Sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, maraming pamilya mula sa malaking isla ng Mindoro na umiiwas sa mga sundalong Hapones ang nagsilikas sa Looc. Ito ay sa dahilang bihirang puntahan ng sundalo ng mga kaaway ang pook na ito at marami pang kagubatang maaaring pagtaguan ang mga tao.

Isang radio transceiver ang palihim na inilagay ng isang pangkat ng mga kawal Amerikano at gerilyang Pilipino sa Isla ng Ambil noong panahon ng digmaan. Sa pamamagitan ng kagamitang ito sa komunikasyon,naiuulat ng pangkat sa kanilang punong himpilan ang galaw ng m,ga barkong pandigma ng mga kaaway sa karagatan ng Lubang,pati na ang ginagawa ng mga sundalong Hapones sa isla. Isa sa mga naging tauhan ng radio tranceiver ay ang matagal na nanungkulang alkalde ng bayan ng Sta.Cruz maraming taon pagkatapos ng digmaan,si Ex-Mayor Florante Tria.

Nang dumating ang mapagpalayang puwersa ng Allied Forces sa Lubang noong 1945,pinaulanan ng bala ang Agkawayan sa pagaakalang may mga sundalong Hapones na nagtatago roon. Sa kasamaang palad, dalawang mangingisda ng pamayanang ito ang tinamaan ng bala at maraming bahay ang nasunog.

Tatlong sundalong hapones na pinamumunuan ni Lt.Hiroo Onoda ang hindi sumuko sa mga sundalong Amerikano. Kahit na isa-isa nang namatay ang kanyang mga kasamahan, sa paminsan-minsang pakikipaglaban sa mga sundalong Pilipino naghahanap sa kanila, hindi pa rin sumuko ang naturang pinuno. Nagtago siya sa kagubatan ng Looc at Lubang sa loob ng halos tatlumpung taon. Habang siya ay nagtatago, walang nangahas pumutol ng malalaking punongkahoy sa kabundukan ng isla.

Sa loob mahabang panahong pagtatago ng mga tinaguriang Japanese straggler sa kagubatan ng Looc.tatlong sibilyan ang napatay nila sa pag-aakalang kaaway ang mga ito. Ang mga sawimpalad na biktima ay sina Pedro Trambulo, Alfredo Villacete at Modesto Garcia.

## IV – Pagkatapos ng Digmaan

Pagatapos ng digmaan, dinalaw ni Fr.Benito Rixner ang bayan ng Looc. Siya ang kaunaunahang misyonerong SVD na nakarating sa pook na ito. Nang sumunod na taon,isa pang paring SVD,si Fr. Matias Buendgen,nagpatayo ng kapilya sa Balikyas.

Noong 1947, itinalaga ng kongregasyonng SVD si Fr. Carlos Brendel bilang kura paroko ng Looc. Itinatag niya ang Sacred Heart High School sa bayang ito. Gayunman nagsara ang paaralan nang si Fr. Brendel ay idinestino sa ibang parokya noong 1950.

Sa huling bahagi ng dekada 1950 ang mga latian sa mga baryo ng Bulacan, Balikyas at kabayanan ng Looc ay ginawang palaisdaan ng mga taong may puhunan. Kapag panahon ng tag-init, ang mga palaisdaan ay ginagawang asinan at sa bayan ng Batangas, Cavite, at Metro Manila.

Pinagsikapan ng mga naging alkalde ng Looc na makapagpagawa ng mga gusaling pampaaralan sa kanilang lugar. Naalala pa ng matatandang mamamayan sina Mayor Federico Tividad at Mariano Macalalad na nagpagawa ng mga paaralan. Sina Mayor Onofre Aguilar at Isabelo Villarosa ang natatandaan ng mamamayang nagpagawa ng lumang gusali ng pamahalaang bayan at mga kalsada sa kabayanan. Sa panahon naman ni Mayor Agusin Aguilar, anila, naipagawa ang bagong gusali ng pamahalaang bayan ng ginagamit pa hanggang ngayon. Ang lumang gusali ay ginamit bilang tanggapan ng mga taong empleyado ng pambansang pamahalaan.

Isang mahalagang pangyayari ang naganap sa Looc noong 1962. Ito ay ang paggawa ng engineering batallion ng Philippine Army ng kalsadang nag-uugnay sa sentro ng bayang ito sa daungan ng barko sa Tilik, Lubang. Bunga ng pagkakagawa ng lansangan, may mga pampasahero nang mga dyip ang bumibiyahe sa rutang Tilik-Looc sa tuwing may dumaraong na barko sa pantalan ng Tilik.

Nang taon ding iyon, may maliliit na sistema ng patubig na ginawa ang National Irrigation Administration sa Looc. Isa sa nabiyayaan ng proyektong ito ay ang Brgy. Burol. Sa kasalukuyan, dalawang beses magani ng palay sa loob ng isang taon ang mga magsasaka sa nasabing barangay .

Dahilan sa walang haiskul sa kanilang bayan, noong 1996, nang lumaganap ang mga barrio high school sa buong Pilipinas, pinagsikapan ng samahan ng mga guro't magulang na isang mataas na pampublikong paaralan ang mabuksan sa kanilang lugar.

Nang sumunod na taon ,nabuksan ang Looc Community High School. Lumaki ang naturang paaralan at sa kasalukuyan , kilala ito bilang Looc National High School.

Isa pang mataas na paaralan ang pinagsikapan ni Congressman Pedro Medalla, Sr. na mabuksan sa Brgy. Agkawayan , Looc. Ang paaralang ito ay naglalayong makapagsanay ng mga kabataang magpapaunlad sa industriya ng pangisdaan sa Occidental Mindoro. Pinasinayanan ang naturang paaralan noong ika-18 ng Agosto,1971. Kilala ito ngayon bilang Looc National School of Fisheries.

Noong 1972, nang si Fr. Karl Barbian , SVD ang naging kura-paroko ng Looc, sa tulong ng kanyang mga mapagkawanggawang kaibigan sa ibang bansa, isang water system para sa malinis na inuming tubig ang kanyang ipinagawa sa isla ng Ambil. Gayon na lamang ang pasasalamat ng mga pamilya sa naturang isla dahilan sa hindi na sila nahirapan sa pag-igib ng inuming tubig.

Samantala , ang matagal na pagtatago ni Lt. Hiroo Onoda sa kagubatan ng Isla ng Lubang ay nagwakas noong 1974. Nang taong iyon, nagdesisyon ang Japanese Straggler na sumuko kay Heneral Rancudo ng Philippine Air Force, nakipagkita siya sa kanyang kababayang si G. Yukio Suzuki sa isang lugar sa tabing-ilog ng Bgry. Burol. Ang makasaysayang lugar na iyon ay tinawag na Wakayama Point ng pamahalaan.

Noong 1977, panahon ng batas military, pinagsikapan ng kooperatiba ng elektrisidad sa Isla ng Lubang, ang Lubang Electric Cooperative, Inc. o LUBELCO, na mapadaluyan ng kuryente ang mga kabahayan sa Looc. Maraming pamilya ang nagpasalamat sa ginhawang idinulot ng serbisyo ng elektrisidad na nakarating sa kanilang lugar.

**V – Pagkatapos ng Mapayapang Himagsikan sa Edsa**

Pagkatapos ng mapayapang himagsikan sa EDSA noong 1986, si G. Franc Velandria ang itinalagang OIC Mayor ni Pangulong Corazon Aquino sa Looc. Nang nagkaroon ng eleksiyon noong 1987, si G. Felesteo Telebrico ang inihalal ng taga Looc na kanilang punong bayan . Maraming pagawaing bayan ang naipagawa ng nasabing alkalde sa kanyang bayan, kasama na rito ang pagpapakongkreto ng mga kalsada at tulay, pagpapahukay ng malalim na balon para sa patubig at pagbili ng electric generator na ginagamit sa pagpapailaw sa kabayanan kapag nagkakaroon ng problema sa serbisyo ng LUBELCO.

Noong ika-28 ng Mayo,1996, naganap ang padalaw sLooc ni dating Japanese straggler at ngayon ay matagumpay na may-ari ng isang rantso na si Lt. Hiroo Onoda. Humingi siya nmg tawad sa mga taong kanyang naperhuwisyo sa loob ng panahong nagtatago siya sa isla. Nangako siyang tutulong sa mga proyektong pangkaunlaran ng bayan.

Bukod sa mga nabanggit na, ang iba pang naging alkalde ng Looc ay sina G. Bonifacio Villaluna, Mamerto Villarosa, Francisco Liboro, Theseus Mercader, at Isabelo Villarosa.

Nang itatag ang lalawigan ng Occidental Mindoro noong 1950, ang populasyon ng Looc ay 4,299. Noong 1995, ito ay naging 9031, higit pa sa doble ang itinaas. Bagamat maliit ang bayang ito kung ang pagbabatayan ay sukat ng lupain at populasyon, malaki naman ang naitulong ng mamamayan nito sa kaunlaran ng Occidental Mindoro. Ito ay dahilan sa marami sa mga taong humahawak ngayon ng mataas na posiayon sa local na pamahalaan ng lalawigan ay nagmula sa bayang ito.

Kilala ang Looc bilang isang malinis at tahimik na bayan. Sa kasalukuyan, pinagsisikapan ng pamahalaang bayan na gawing pasyalan ng mga turista ang magagandang dalampasigan ng pook na ito.

**Mga Aklat, Babasahin at Taong Pinagkunan ng Impormasyon**

[1] Ang kasaysayan ng Looc: Teresita Pacheco 1990, p. 1

[2] Ang kasaysayan ng Brgy. Bulacan: Delia Venturero 1990, p. 3

[3] Ang kasaysayan ng Burol: Teresita Bautista 1990, p. 2

[4] Ibid

[5] Ang kasaysayan ng Bry. Talaotao: Lamberto Quijano 1990, p. 4

[6] op cit p. 6

[7] op cit p. 7

[8] STAA Souvenir Program 1970, p.176

[9] Ibid

[10] op. cit. p. 5

[11] op. cit. p. 6

[12] op. cit. p. 7

[13] Panayam kay Ex-Mayor Pedro Gonzales. Dec 12, 1987

[14] op. cit. p. 4

[15] op. cit. p. 3

[16] op. cit. p. 163

[17] Panayam kay G. Domingo Tria, February 10, 1998

[18] Panayam kay G. Domingo Tria, February 10, 1998

[19] Panayam kay G. Reynold Marticio, February 9, 1998

[20] op. cit. p. 7

[21] Sentimental Journey of Lt. Hiroo Onoda, Governor's Office 1996, p. 22

[20] 1995 Census of Population, National Statisticss Office, p. 1